Isyu 1 (Hulyo-Agosto 2015)

ALUMNI Republic Malaya

Opisyal na Publikasyon ng MHPNHS Alumni Association, Inc.

Mula sa Editor

"Ganito tayo noon! Kumusta ka na ngayon?"

Ganyan ang karaniwang palitan ng pagbati kapag tayo'y nagkikita-kita sa mga reunion.

Mula nang tayo'y magtapos sa Marcelo, natural lamang na tayo'y magbalik-tanaw sa nakaraan.

Masarap, di ba?

Ginagawa natin ito sa kuwentuhan, tawanan, kantahan at kodakan.

Ginugunita natin ang nakaraan sa pagbabalik-Marcelo, o sa pagdalaw-dalaw sa ating retirado nang mga titser.

Ang hindi nga raw lumingon sa pinanggalingan, hindi makararating sa paroroonan.

Nararapat lang na pasalamatan natin ang ating mga guro. Kung hindi dahil sa kanilang matiyagang pagtuturo at pag-aaruga, wala tayong maipagmamalaki.

Sa ating pagbalik-tanaw, gunitain natin ang mga nauna nang mga guro at kamag-aral.

Gagawin din natin ang pagbalik-tanaw sa paghahalungkat at pagkalap ng archival materials tulad ng mga lumang *Republic* at *Malaya*, retrato, memorabilia, at oral history ng mga guro at alumni. Kailangan ang mga ito para mabuo ang kasaysayan ng Marcelo, isang makabuluhang programa ng alumni association na pinasimulan ni Perfecto T. Martin (C1968).

Lalabas sa Araw ng Alumni (Agosto 29) ang unang bunga ng pagsisikap na ito: ang *The Del Pilarian Alumni Register*, isang listahan ng *lahat* ng alumni mula 1909 hanggang 2015. Malapit nang sumunod ang kakambal nitong aklat, *Antolohiya ng Alaala: Larawan at Gunita (1905-2015)* ng ating alma mater.

Dahil sa mga ito, natitiyak kong lalong titibay ang ating koneksiyon sa dating Bulacan High School at ngayo'y Marcelo H. del Pilar National High School, bagay na pinasisigla ng alumni association.

Hindi ninyo naitatanong: mahigit 100 taon na ang kasaysayan ng MHPNHS Alumni Association! Marami na tayong pinagdaanan, marami na tayong nagawa. Sa pagsisikap ng mga namumuno sa samahan, sa pangunguna ng pangulong Rodolfo N. Quetua (C1967), ang ating samahan ay nagtakda na ng maraming aktibidad at pagtitipon sa darating na buwan.

Makadalo sana tayong lahat sa Araw ng Alumni—ang ating general homecoming—sa Agosto 29.

Makahulugan na natapat ito sa bisperas ng 165th birthday anniversary ni Marcelo H. del Pilar, at 110th foundation year ng ating paaralan.

Hindi siguro makadadalo ang lahat. Maraming may trabaho sa opisina, sa negosyo, sa bahay, o sa komunidad. Meron din sa ating may kani-kaniyang commitment, gaya ng "*apo*stolic mission." Marami ding gaya ko, ang naninirahan sa labas ng bansa, sa iba't ibang panig ng mundo.

Kaya nga tayo naglalathala ng *The Alumni Republic Malaya*. Kung hindi man tayo magkita sa personal, maaari naman tayong mag-ugnayan sa *virtual world* o internet, ika nga. *Digital era* na, di ba?

Ito ay para sa ating lahat na alumni ng Bulacan High School at Marcelo (wala o mayroon mang "National").

Gamitin natin ang *The Alumni Republic Malaya* para magkabalitaan at magkatalakayan.

Magagawa din natin itong tampisawan ng alaala at katatawanan, o maging ng mga idea at mungkahi para sa ikabubuti ng ating paaralan.

Ang ating hangarin: mapatibay pa ang ating samahan.

Sumali na sana kayo. Mag-ambag ng balita, alaala, kuwento, retrato o memorabilia na maaaring makita ng lahat sa newsletter na ito.

Sige, dalas-dalasan na natin ang pagkita-kita, sa personal or virtual, bago man tayo isa-isang pumirma kay San Pedro.

Jaime A. FlorCruz (C1967)

ARAW ng ALUMNI sa AGOSTO 29

Inaanyayahan ang lahat ng nagtapos sa Marcelo H. del Pilar National High School (MHPNHS) na dumalo sa gagawing **Araw ng Alumni** sa Malolos Sports and Convention Center sa Sabado, Agosto 29.

Ito ang ipinaaabot sa lahat ng alumni ng kasalukuyang pamunuan ng MHPNHS Alumni Association sa pangunguna ni Rodolfo N. Quetua (Class 1967), pangulo ng samahan.

Sadyang inilaan ang araw na ito para sa lahat ng alumni—mula noong Bulacan High School (BHS) at Marcelo H. del Pilar High School (MHPHS) pa ang pangalan, hanggang maging isang national high school ngayon.

Katuwang ng general alumni association ang mga punong abalá sa taong ito--mga Silver Jubilarians (Class 1990) at Ruby Jubilarians (Class 1975)--para bigyang parangal ang mga Golden Jubilarians (Class 1965) at Diamond Jubilarians (Class 1955) ng Marcelo.

"Sadya ring pinili na gawin sa bisperas ng kaarawan ni Del Pilar itong Araw ng Alumni," ani Quetua, "dahil nais nating simulang muli ang aktibong paglahok ng mga alumni sa taunang pagdiriwang ng bayaning nagbigay-dangal sa pangalan ng ating inang paaralan." Ngayong Agosto 30 ang ika-165 taong kaarawan ng Dakilang Propagandista. (Gagawin ang mga susunod na Araw ng Alumni sa araw ng Sabado na pinakamalapit sa Agosto 30.)

Umaasa din ang alumni association na sa ika-110 taong pagkakatatag ng Marcelo ngayong 2015, muling masasaksihan ang pinakamalaking pagsasama-sama ng mga alumni na huling nangyari nang ipagdiwang ang sentenaryo noong 2005. Ang MHPNHS ang una at pinakamatandang pampublikong paaralang sekundaryo sa probinsiya ng Bulacan.

Angkop na angkop ang napiling paksang-diwa sa layuning muling mapasigla at mapalakas ang samahan ng lahat ng alumni at maging isa itong mabisa at kapaki-pakinabang na haligi ng paaralan: **#habangmaybuhay** magkakaisa ang lahat ng alumni!



ALUMNI NOTES

By Rolando G. Valenzuela (C1953)
Secretary, MHPNHS Alumni Association

A complete history of our alumni association has yet to be written. When we decided in 2013 to have the association registered with the Securities and Exchange Commission, we believed that it would have more life than before, after becoming a legally recognized organization.

After two years, we realized that it would take more than this legal status to make the association live longer. Perhaps going back to its more than a century-old past can guide us in forging a roadmap to its future.

Juan S. Fernando of Class 1909, Bulacan High School's first valedictorian, was also the first president of its alumni association. We got this from *The Tic*, graduation annual of UP's College of Medicine and Surgery, published by Fernando's Class of 1914. In her 1969 masteral thesis, former teacher and assistant principal Maria Espino Reyes (C1922) wrote that Dr. Fernando was the "first president of the Bulacan High School Alumni Association". We do not, however, have any information as to when the association was established and who the other officers were.

Pablo C. Payawal of Class 1917 (vice president of the graduation class) was the president of the association in 1929. This was listed in an old invitation for the "Annual Reunion on January 6, 1929", being kept in a private collection. The other officers were Cirilo C. Magtira (C1923), vice-president; Josefa P. de Leon (C1920), secretary; and Luisa Reyes (C1923), treasurer.

Hermenegildo R. Reyes of Class 1924 was reported by *The Republic* in 1956 (quoting from a 1955 MHPHS Brochure) as "the first president" of the "newly formed" BHS Alumni Association. The date being mentioned was March 19, 1950 when a new two-story building was inaugurated and the school "opened its door to all alumni from Class 1909-1949 who came back with the enthusiasm of youth to relive those happy high school days, and pay respects to their Alma Mater, and to offer their accomplishments."

From all indications, it was a revived alumni association that was organized with H.R. Reyes as the president (who was also the president of the UP Alumni Association at that time). Other elected officers were Felipe Cruz (C1922), vice-president; Dolores V. Dulay (C1926), secretary; Aquilina Reyes (C1924), treasurer; and Eliseo Tayao (C1910), executive-secretary.

Members of the board were Demetrio Camua (C1925), Pelagio Cruz (C1932), Leon Gatmaitan (C1926), Florante Roque (C19??), and Feliciano Torres (C19??). Ex-officio directors were Vitaliano Bernardino (division superintendent of schools) and Eliseo Tayao (principal).

Alfonso Calalang of Class 1918 then president of Security Bank and Trust Company, succeeded H.R. Reyes as association president in a general reunion held on October 25, 1953 (a position he would hold probably until 1959).Other officers elected with Calalang were Jose P. W. Tantoco (C1935), first-vice-president; Jose P. Rueda (C1924), second vice-president; Aida Francisco (C1936), secretary; Angelica Lomotan (C1927), treasurer; Anselmo Marcelino (C1923), and Mabini Rey Centeno (C1937), PRO.

Members of the board of directors were Cenon FlorCruz (C1930), Antonio de Leon (C1923), Ambrocio Flores (C1932), Ernesto Gutierrez (C1933), and Melencio Aniag (C1931).

In 1955, the officers of alumni association, in a meeting at Cafe Valenzuela, decided to raise a Golden Jubilee Fund for the construction of a gymnasium-auditorium. Alfonso Calalang as incumbent alumni president and H.R. Reyes as past president, pledged to raise P2,500, with the counterpart fund to be raised by the other members of the board of directors and other alumni. In the same meeting, another alumnus and faculty member was designated auditor: Juan Venturina (C1927).

On March 8, 1959, the BHS Alumni observed its golden jubilee (1909-1959) with a general reunion at the school campus. In this event, it was reported that the Bayanihan Dance Company's father-and-daughter team of Ricardo Reyes (C1926?) and Alice Reyes (recently declared National Artist for Dance) performed a dance number.

On June 1, 1969, a General Reunion and Diamond Anniversary (1909-1969) was held at the MHPHS campus.

Marcelo S. Balatbat of Class 1927, then Secretary of Commerce and Industry, was president of the Bulacan High School Alumni Association when he inducted the members of Class 1968 into the association. The induction of new graduates as alumni members has since become a practice in subsequent commencement programs. Balatbat's term must have started after Alfonso Calalang's.

Ernesto S. Ramos of Class 1953 was elected president of a "MHPHS (BHS) Alumni Association" on December 6, 1998 at the MHPNHS campus in Sta. Isabel, in an assembly coinciding with the celebration of the centennial of the declaration of Philippine independence.

This election was brought about by the formation of an ad-hoc group organized to "initiate the revival" of the alumni association. Led by Ramos, the group was composed of Epifania Fajardo (C1952), Nilo FlorCruz (C1964), Anita V. Lopez (C1967), Ma. Corazon Tapang-Lopez (C1964), Ernesto S. Ramos (C1953), Cresenciano C. Santiago (C1956), Consuelo Santos (C1956), and Angie Ilagan (C19??).

An election of class representatives, by cluster, to the Board of Directors was held after the ratification of by-laws of MHPHS (BHS) Alumni Association. Voted as officers of the Board were Ramos as president; Maximino Tolentino (C1931), vice president; Arnelia R. Trajano (C1976), secretary; Belarmino C. Cruz (C1974), treasurer; and Iluminada De Jesus-Catap (C1968), auditor.

The other members of the Board were Cesario O. Bautista (C1954), Ligaya Tantoco-Dinio (C1949), Cenon R. Florcruz

(C1930), Matias P. Gaspar (C1942), Celestino C. Geronimo (C1953), Pedro C. Gonzales (C1931), Adoracion Cruz Laya (C1965), Teresita R. Mariano (C1966), Rodolfo N. Quetua (C1967), Ruben T. Reyes (C1955), Esperanza A. Salas (C1972), Cresenciano C. Santiago (C1956), Isagani Simpauco (C1950), Felicidad G. Torres (C1959), Dioscoro G. Valenzuela (C1938), and Rolando G. Valenzuela (C1953). Felipe F. Cruz (C1937) and Alberto C. Reyes (C1947) served as advisers.

Rodolfo N. Quetua of Class 1967 and a top Meralco executive was voted to succeed Ramos as president of the MHPHS (BHS) Alumni Association at the General Assembly held on March 26, 2006 at the MHPNHS gymnasium. Other officers elected were Perlito Dimagiba (C1961), vice president; Rolando G. Valenzuela (C1953), secretary; Gliceria Roque-Bagasin (C1968), treasurer; and Iluminada De Jesus-Catap (C1968), auditor.

On August 1, 2013, the Board decided to register with the Securities and Exchange Commission, retaining the original objectives articulated and promoted by the ad-hoc group created by Ernesto S. Ramos. Active leaders from different alumni batches were asked to join the interim board while preparing for a general assembly to elect a new set of officers.

The new set of Board of Trustees, a body created to oversee the MHPNHS Alumni Association, Inc., took office with the understanding that it would only serve until a new general assembly was held.

With Quetua as president, the other members of the Board are Victor B. Mariano (C1970), vice president; Rolando G. Valenzuela, secretary; Iluminada De Jesus-Catap, treasurer; Rodolfo C. Cruz (C1973), auditor; and Corazon Camua-Ajero (C1966) and Perfecto T. Martin (C1968), members. When De Jesus-Catap died in 2014, the board invited Teresita C. Buluran-Granados (C1967) to take De Jesus-Catap's place, to which she agreed.

The election of a new set of officers during the **Araw ng Alumni** this August—the first general assembly since the 2006 school centennial celebration—with the participation of as many Class representatives as can be gathered, augurs well with a revitalized body acting as one strong pillar of our dear Alma Mater. *(With additional information provided by Perfecto T. Martin of Class 1968)*

HALALAN NG PAMUNUAN
PARA SA 2015-2016

Ang pamunuan ng samahan ay ihahalal taon-taon, ayon sa By-laws ng samahan.

Gagawin ito upang mapanatiling aktibo ang samahan at mabigyan ng mas madalas na pagkakataong makapaglingkod ang mga alumni na patuloy sa pagdami (hindi bababa sa 75,000 mula noong 1909 hanggang 2015).

Tatlong (3) kagawad ng kasalukuyang Board of Trustees ang aatasan para maging Alumni Comelec at mangangasiwa ng halalan.

Sino ang mga ihahalal?

Pitong (7) miyembro ng Board of Trustees ang ihahalal para manungkulan mula Agosto 30, 2015 hanggang sa Agosto 27, 2016 (susunod na Araw ng Alumni).

Mula sa pito, silang mga kagawad ay maghahalal ng Pangulo, Pangalawang Pangulo, Kalihim, Ingatyaman at Awditor. Ang dalawang (2) hindi mahahalal ay mananatiling trustees ng samahan.

Sino ang maaaring maging miyembro ng Board of Trustees?

Sinumang alumni--opisyal man o hindi ng kanyang Klase--ay may karapatang mahalal na miyembro ng samahan. Maaaring ipasok ang kanyang pangalan sa Listahan ng mga Nominado bago idaos ang Araw ng Alumni sa Agosto 29, 2015 o sa mismong araw ng halalan. Makapagnonomina ng mahigit isang pangalan ang bawat Klase. Ang Listahan ng mga Nominado ay ihahanda ng Alumni Comelec.

Paano gagawin ang halalan ng pitong trustee?

Ang bawat Klase o batch ay may karapatan para lamang sa isang boto sa ano mang isyu na kinakailangang pagbotohan upang maresolba ang isyu. At pagboto, magagampanan ng isang piling kinatawan ng Klase o batch. Ganoon din sa halalan ng mga miyembro ng Board of Trustees. Isang boto lamang para sa bawat nominado/kandidato sa pagiging miyembro ng Board of Trustees. Datapwa, dahil sa 7 kandidato ang kailangan sa Board, 7 ulit na pipili ang kinatawan ng mga kandidato. Kung sakaling higit sa isang kandidato mula sa isang Klase o batch ang nahalal sa Board, ang bawat trustee ay may karapatan para sa isang boto.

Sa itinakdang oras sa Araw ng Alumni 2015, magtutungo ang mga kinatawan ng bawat klase sa isang bukod na silid upang doon gawin ang halalan habang nagpapatuloy ang palatuntunan sa bulwagan.

Ihaharap ng Alumni Comelec sa mga kinatawan ang Listahan ng mga Nominado para maging direktor ng Board of Trustees. Ang listahan ay maaari pang dagdagan ng mga lumalahok na kinatawan ng Klase kung kanilang nanaisin.

Bago simulan ang halalan, titiyakin ng Alumni Comelec na sumasang-ayon ang lahat ng nasa Listahan ng Nominado na maglilingkod sa samahan kung siya'y mahahalal. Maaaring gawin ito nang personal o sa pamamagitan ng taong nagpasok ng kanyang pangalan. Aalisin sa listahan ang hindi sumasang-ayong manomina.

Gagawin ang pamimili ng pitong direktor sa pamamagitan ng secret balloting. Pagkaraan, bibilangin ang boto sa mga balota sa harap ng lahat, at ipapahayag ng Alumni Comelec ang pitong nagkamit ng pinakamaraming boto.

Paano gagawin ang halalan ng mga opisyal ng Board of Trustees?

Bibigyan ng pagkakataong magpulong ang pitong nahalal na direktor upang mamili sila ng kanilang mga opisyal (Pangulo, Pangalawang Pangulo, Kalihim, at Ingatyaman). Pagkatapos, ipapahayag nila sa mga kinatawan ng Klase ang resulta ng kanilang pagpili.

Kailan ipapahayag at manunumpa ang pamunuan ng samahan para sa 2015-2016?

Bago matapos ang programa sa Araw ng Alumni, magsasalita ang tagapangulo ng Alumni Comelec sa buong kapulungan upang ipahayag ang mga nagwagi sa halalan at papanumpain sa tungkulin ang bagong pamunuan.

Ang Araw ng Alumni ay matatapos sa maikling pananalita ng bagong Pangulo ng MHPNHS Alumni Association.

What is *The Del Pilarian Alumni Register*?

Excerpts from the Introduction by Perfecto T. Martin (C1968), compiler and editor

As we face the 111th year of our school's existence—first, as the *Bulacan High School* (1905-1951), then as the *Marcelo H. del Pilar High School* (1952-2002), and now as the *Marcelo H. del Pilar National High School* (2003-present)—we must exert greater effort to know more about our alumni and the significant or interesting moments in the history of our school.

And so we begin with this publication as a way of documenting that history. We start with the first five graduates of BHS in 1909 and end with the 1,800-plus new members of the Class of 2015.

The list of pre-war graduates was compiled from different sources: (a) commencement programs recovered from the old Plaridel Printing Press of Malolos, as well as from descendants of alumni; (b) graduation yearbooks (the first in 1918 and the second in 1927); (c) souvenir programs of golden and diamond jubilee reunions; and (d) information about individual alumni using data from the early issues of *The Philippinensian* of the University of the Philippines, where many of the pre-war BHS alumni attended college (we still have to look at the American-period *Thomasian* of the University of Santo Tomas and yearbooks of other colleges and universities where some other alumni enrolled).

In this edition, our lists for some batches (1910, 1911, 1912, 1914, 1915, 1920, 1921, 1924, 1925, 1935, and 1937) are still incomplete. For the years 1943 and 1944, the time of the Japanese occupation, there were no graduates, hence no lists. We are hopeful that old materials will be discovered and brought to our attention as more and more descendants of alumni become aware of our efforts.

For the post-war graduates, we were able to gather the commencement issues of *The Republic* and *Ang Malaya* (starting in 1967), the graduation issue being a joint undertaking of the school's official publications in English and Filipino. We were also permitted by the school authorities to take digital photographs of the Reports on Secondary Promotions (Form 18-A) at the office of the registrar.

Only one post-war batch of graduates does not have a commencement issue: Class 2002. Its list of graduates, therefore, is based solely on the copies of Form 18-A we obtained from the registrar.

The *Republic-Malaya* graduation copies from 1946 to 2013 we owe to the precious collections of our three former teachers: Juana E. Ladia (herself a member of Class 1929), Gregoria Calalang Lomotan (Class 1928), and Remedios Maglalang Antonio (MHPHS-MHPNHS faculty member from 1975 to 2013).

The *Del Pilarian Alumni Register* is just a beginning, as we have said. From this *Register*, we hope to create a comprehensive alumni database to contain current personal data, information on present interests and accomplishments of alumni, and other items necessary for the school and the association to maintain continuous link with its alumni.

The second and more difficult part of the revitalization program is the writing of the school history. It is a project that is long overdue for such a prestigious and historic public secondary school as the MHPNHS, which was one of the first public high schools in the country, and the first in the province of Bulacan.

Seminar-Workshop: Emergency Management Planning

Fifty faculty members and staff of the MHPNHS took lessons on emergency management planning for schools for the development of the school's emergency preparedness and response plan and organization of MHPNHS Emergency Preparedness and Response Committee (EPRC).

The course—Seminar-Workshop on Emergency/Disaster Management Planning for Marcelo H. Del Pilar National High School—was aimed at training a core group of emergency/disaster managers who were to compose the EPRC.

The training program, which was held under the auspices of the MHPNHS Alumni Association, Inc. and the Department of Science and Technology, Region III, in cooperation with the Government of the City of Malolos, was conducted at the MHPNHS Campus for three consecutive Saturdays from June 20, 2015.

Resource persons who were tapped from the alumni association were Flaviana D. Hilario, Ph. D. (Class 1971), Acting Deputy Administrator for Research and Development, PAGASA, who lectured on climate change and adapation; Delfin C. Garcia, (Class 1970), Planning Officer IV, PHIVOLCS, on understanding earthquakes; Alfredo de Leon, (Class 1977), Philippine Red Cross, Bulacan Chapter, on Red Cross' safety services; and Rolando G. Valenzuela, (Class 1953), a former seismologist at the PAGASA, on emergency management planning for schools.

The other resource persons were Leoncio A. Amadore, Ph. D., former Director of PAGASA, who presented the nature and effects of tropical cyclones and extreme weather phenomena; S/Insp. Jaime D. Robles, Acting Fire Marshal, Bureau of Fire Protection, City of Malolos, on fire prevention and response; and Atty. Rizaldy L. Mendoza, City of Malolos City Administrator, on the City of Malolos Disaster Risk Reduction and Management Plan. The Malolos Rescue Squad, led by Pia D. Pedro, demonstrated the procedures of basic life support.

The seminar-workshop gave the participants an opportunity to improve their awareness of the nature and effects of natural and human-induced hazards and the measures to mitigate and prevent, prepare for, respond to and recover from emergency/disaster situations.

In the course, participants were expected to learn how to identify and analyze potential hazards, the procedures of alerting, notifying and reporting emergencies and planning for evacuation.

Another course objective was for the participants to gain additional knowledge on planning principles and processes of developing emergency preparedness and response plan.

The participant-teachers are expected to pass on the knowledge they acquired during the exercise to their students, who in turn may pass it on to their parents and other family members. *(Rolando G. Valenzuela)*

*A*LUMNI *M*OTORCADE

Sabado, Agosto 22, 2015

Pagbabalita ng nalalapit na Araw ng Alumni sa mga kalapit-bayan ng Malolos. Magsisimula sa ganap na ika-7 ng umaga sa mga sumusunod na lugar at magtatagpo-tapo sa kampus ng Marcelo H. del Pilar National High School sa Sta. Isabel, Malolos. Pamumunuan ng mga klase mula 1966 hanggang 1970 ang bawat starting point ngunit lahat ng iba pang klase ay maaaring pumunta sa alinman sa mga ito.

1 BULAKAN (Bulacan) Crossing
DADAAN sa Matimbo, Atlag, Sto. Cristo, Diversion Road patungong Sta. Isabel
Coordinator: **Class 1966**

2 CALUMPIT (San Marcos)
DADAAN sa MacArthur Highway, Fausta Subdivision, Mabolo, patungong Sta. Isabel
Coordinator: **Class 1967**

3 GUIGUINTO Municipal Hall
DADAAN sa Tabang 1st, Santor, San Pablo, Dakila, Sumapang Bata, Ligas, Sta. Rita, Tikay, MacArthur Highway patungong Sta. Isabel
Coordinator: **Class 1968**

4 HAGONOY Poblacion
DADAAN sa Paombong, sa likod ng Malolos Cathedral,
Liang, Mabolo, patungong Sta. Isabel
Coordinator: **Class 1969**

5 PULILAN (Intersection ng DRT Highway at Estrella Highway sa Makinabang, Baliwag, Bulacan)
DADAAN sa Plaridel, Barihan, Mojon, BSU, MacArthur Highway patungong Sta. Isabel
Coordinator: **Class 1970**

Sa MHPNHS Campus sa Sta. Isabel, magkakaroon ng maikling palatuntunan at pag-aalay ng bulaklak sa monumento ni Gat. Marcelo H. del Pilar kaugnay ng kanyang nalalapit na ika-165 kaarawan sa Agosto 30, 2015.
Coordinators: **Class 1990, Class 1975,** at **Class 1965**

ARAW NG ALUMNI

Sabado, Agosto 29, 2015

Magsisimula ang pagpapalista sa ganap na ika-1 ng hapon sa **Malolos Sports and Convention Center** (sa gawing kanan ng MacArthur Highway, paglampas ng kapitolyo kung patungong hilaga). Magbubukas ang palatuntunan sa ganap na ika-2.

Magkakaroon ng maikling mga talumpati, pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng paaralan, pagbibigay-parangal sa ilang namumukod na alumni, at paglulunsad ng *The Del Pilarian Alumni Register* (unang komprehensibong listahan ng mga nagtapos mula 1909 hanggang 2015).

Pagkaraan nito, magsisimula na ang mga palaro at iba pang kasayahan at huntahan, habang idinaraos ang pamimili ng susunod na pamunuan ng alumni association (gagawin ng mga itinakdang kinatawan ng mga klase sa isang hiwalay na silid-pulungan). Inaasahang matatapos ang pagdiriwang sa ganap na ika-6 ng gabi.

ALUMNI Republic Malaya
Opisyal na Publikasyon ng MHPNHS Alumni Association, Inc.
Isyu 1 (Hulyo-Agosto 2015)

Jaime A. FlorCruz (C1967), patnugot
Perfecto T. Martin (C1968), tagapamahalang patnugot
Rolando G. Valenzuela (C1953)
Freita P. Bautista (C1969), kagawad

MHPNHS Board of Trustees (2014-2015)
Rodolfo N. Quetua (C1967), president; **Victor B. Mariano** (C1970), vice president; **Rolando G. Valenzuela** (C1953), secretary; **Teresita C.Buluran-Granados** (C1969), treasurer; **Rodolfo C. Cruz** (C1973), auditor; and **Corazon Camua-Ajero** (C1966) and **Perfecto T. Martin** (C1968), members

ARAW NG ALUMNI
August 29, 2015

Hosts and Honorees

Class 1990 (Silver Jubilarians) | Class 1965
Cesar Villafuerte Jr., *Task Group leader* | (Golden Jubilarians)
Class 1975 (Ruby Jubilarians) | Class 1955
Leonides Ramos, *president* | (Diamond Jubilarians)